Office of the President
**PRESIDENTIAL ACTION CENTER**
Malacañang, Manila

13 September 2023

**Secretary MA. ANTONIA YULO-LOYZAGA**
Department of Environment and Natural Resources
Visayas Ave., Diliman
1101 Quezon City

**Thru: HEA JOSE JOAQUIN YULO LOYZAGA**

**Madam:**

Respectfully forwarding the attached letter dated 1 September 2023, with enclosures, addressed to **PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS, JR.**, for appropriate action, consistent with existing laws, rules and regulations on the matter, from **Ms. AMELIA D. VILLALUZ** <aubrevista@gmail.com>, seeking Presidential intercession relative to issues and concerns which, as stated therein, may be best coordinated/addressed by that Office.

A reply direct to the party/ies concerned, copy furnished the Center, citing **PACE Code No. PM-DAVE-09-13-2023-418**, will be highly appreciated. Expeditious action is requested in accordance with the provisions of Republic Act No. 11032, otherwise known as the Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018 as implemented and enforced by the **Anti-Red Tape Authority**. Please be reminded that failure to timely respond to the public's concern shall be ground for administrative sanctions under existing laws and regulations.

Our cordial regards.

Very truly yours,

**JAIME LLAGUNO MABILIN**
Director IV

Encl.:a/s
Cc: party/ies concerned
/dave
**Note:** Enclosures forwarded to agency thru mail

**IMPORTANT**

The information contained in this communication is privileged, confidential, and intended solely for the use of the individual or entity to whom it is addressed and others authorized to receive it. If you are not the intended recipient, you must not disclose or use the information contained in it. If you have received this communication in error, please notify the Presidential Action Center immediately and dispose the communication in accordance with the provisions of Republic Act 10173 otherwise known as the Data Privacy Act of 2012.

108 investiga[illegible]

September 1, 2023

Office of the President
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
9/08
OP Copy
090823-MRO-78009

**HIS EXCELLENCY PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.**
Presidential Action Center
Office of the President Malacañang Palace

OFFICE OF THE PRESIDENT
MALACAÑANG
RECEIVED
SEP 1 3 2023
BY:
Presidential Complaint Center

**Mahal na Presidente Marcos:**

Magandang araw po muli sa inyo at sa inyong maharlikang tanggapan.

Maraming salamat po sa mga tulong ninyo upang kumilos at aksyunan ang problema namin sa Barangay Buenavista, Puerto Princesa City, Palawan. Dahil po sa ORDER ninyo at masisipag na kawani ng DENR ay nagharap po kami sa PENRO-CENRO, Puerto Princesa City Palawan.
**Annex "A", "A-1", "A-2", "A-3"**

Sa aming paguusap ng harapan ay dinala ko ang Certified Copy ng maliwanag na plano ng magkalapit na lugar Lot 68 at ng Dela Torre Property Purok Buena Suerte na may DAR Clearance kasama ang mga karatig na lote nito, sa Barangay Buenavista, Puerto Princesa City. At nagkaisa kami sa layunin na palawakin ang proyekto ng pagtatanim ng iba't ibang uri ng halaman-palay-mais at dwarf coconut-cacao-kasoy, dahil may source po dito ng mineral water na pwedeng gawan ng paraan upang gamitin sa pagpapalaki ng mga pananim. Ang nais lang po muna ay MAI-KANSEL ANG MALING PLANO na nakita din ng PENRO-CENRO officer na tinalakay namin sa Close Door Dialog Meeting kasama po ang 3 empleyado na naka-assign sa pagbibigay ng Lot Application for Prepatent Title. Ang maling Plano daw po na ito ay hindi dumaan sa kanila, mean to say "Table Survey po??" Na inihanda ng LMB-PENRO noon at inaprubahan ng LMB-MIMAROPA noon. Kaya lumipat sa Barangay Macarascas ang Lot 68 na aktwal na nasa Barangay Buenavista? Sa pangalan ng Romia Labrador as "Land Owner", isang Barangay Captain ng Barangay Macarascas versus maraming pamilya ng Barangay Buenavista? Samantalang may Joint Resolution sila noon 2010-2011 ng dating Barangay Captain Carmelita Aungon ng Sitio Sia, Purok Milenyo, Barangay Buenavista, Puerto Princesa City, Palawan at suportado ng Resolution ng Sangguniang Bayan na nakaupo din noon. Ano po ang nangyari at nang magpalit ng Mayor at iba pang Government Officials at Government Employees ay nababago pala?? Kawawa po ang mga naiisyuhan ng patong-patong na titulo, nagtatalo-talo sa lupang binenta at hindi mailipat sa nakabili?
**Annex "B", "B-1", "B-2", "B-3"**

At habang nandoon po kami sa labas ng opisina ng DENR PENRO-CENRO ay kawawa ang mga tao naghihintay ng matagal? At may mga Fixer, sila pa talaga ang nagpapaliwanag sa tao, tapos may lalabas na Utility ng DENR nakauniform tagasubmit ng papel ng Fixer sa loob? Papano po ang walang kakilala sa loob?

10:00 pa lang ng umaga lumabas na ang empleyado ng DENR at Fixer kakain na sa labas? Pinaparinig pa sa ibang nakapila doon ang kalakaran sa loob. (Isang kuba na lalaki nakamagandang sasakyan?) Hindi naman empleyado pero tagapag paliwanag sa labas ng nagpapalakad sa loob? Harap-harapan po na nasaksihan namin halos 2 oras kaming naghihintay sa labas.

Kaya tama po ang Electronic Online Request ng Documents and Payment direct to the account of DENR. At yun din po ang iminungkahi ng CENRO sa meeting nila ng PENRO officers team dahil kawawa po ang mga tao, mahal ang pamasahe napakalayo sa opisina ng DENR? Tapos meron pa Fixer at palakasan o kakilala sa loob ng DENR office. Anti- REDTAPE po talaga! Salamat po sa bagong pamamaraan ng ating Pamahalaan ngayon. **Annex "C", "C-1"**

Inaasahan po namin na ang lahat ng isinubmit naming pangalan na mga Lot Applicant sa inyong tanggapan at mga batch 2-3 pang isa-submit po ay mabigyan ng LOT APPLICATION FOR PRE-PATENT TITLE BAWAT ISA AY 600 SQ. METER AT 2 HECTARES SA AGRICULTURAL FARMING PARA SA KABUHAYAN with support ng DA at DTI – Department of Tourism para sa desenteng pabahay at Artistic Family Homes and Tourism Farm Garden, bawat residential home "Smart House Design". Pangarap ng bawat pamilya ang magkaroon ng sariling lupa at bahay at hanapbuhay!.

Anuman po naging kapabayaan ng Presidente ng asosasyon sa naging pagkakamali sa naunang Subdivision Plan habang namumuno pa sya noon at hindi pa ako nai-elect as B.O.T. Committee on Documentation, Grievance and Finance ay liability nya yun? Ngunit hindi dapat madamay ang maraming miyembro, na nagbayad ng lahat ng application fee, survey fee, monthly dues, and miscellaneous fee sa Treasurer at Presidente. Pawang biktima ng pagiging inosente at walang alam sa proseso ng dokumento? Subalit.. kami po ay hindi nawawalan ng pag-asa na makamit namin ang kalinga ng ating pamahalaan na magkaroon ng sariling lote and bawat pamilya. Kung sinuman sa opisyal ang lumabag sa batas na magbenta ng lupang gobyerno, ito po ay mananagot sa batas? Ang public land ay pag-aari ng Republic of the Philippines , kung kaya't ito po ay inilapit ko sa inyong tanggapan upang mailagay sila sa tamang proseso? At sumailalim sa programa ng gobyerno ng Residential Pre-Patent Title at Agricultural Project na maidesign ng maayos.. bilang ang Palawan ay one of the World's Best Tourist Destination, maiwasan na maging mukhang eskwater na naman.? **"D"**

**Hiling po namin ay ang "ORDER NA KANSELAHIN ANG KASALUKUYANG MALING PLANO AT BIGYAN NG LOT APPLICATION ANG BAWAT MEMBER NG AUBREVISTA HEIGHTS HOMEOWNERS ASSOCIATION INC. - ABREA DEL VILLALUZ FAMILY HOMES TOURISM FARM INC. FOR RESIDENTIAL AND AGRICULTURAL FARMING AREA. AT ISANG MALINIS NA TITULO SA BAWAT APLIKANTE. SANA PO AY MAIPAGKALOOB NA NGAYONG TAONG 2023.**

Ang mga miyembro po ay magpapadala din ng sulat kahilingan at pasasalamat sa inyong tapat at mabilis na serbisyo? Mahigit po 1000 pamilya ang applicant dyan, batch 1 itong una , may batch 2 at batch 3 pa po dahil sa hirap ng gastusin sa requirements-transport pabalik balik pa? ANNEX "E"

Kaayon po ng inyong magagandang programa Mahal na Presidente, tirahan, pabahay, pagtatanim para sa kabuhayan at pagkain ng mamamayang Pilipino at na ang "Bawat Pamilyang Pilipino ay Hindi Maging Iskwater sa Sariling Bansa". Ang amin po hiling at pangarap **nawa'y maging katuparan ngayong taon** ayon sa inyong gabay at patnubay na naayon sa mga batas ng ating bansang Pilipinas!

Maraming maraming salamat po! Mahal na Presidente! at sa magigiting na bagong kawani ng ating Pamahalaan na kumikilos ayon sa batas.

Lubos na gumagalang,


**AMELIA D. VILLALUZ**
B.O.T. Committee on Documentation and Greivance
Viber No. 09331022694
Email Address: aubrevista@gmail.com


KASAMANG DOKUMENTO:

- ANNEX "A" – Letter Request of Prepatent Title dated June 27, 2022
- ANNEX "A-1" – Letter Request of Prepatent and Emancipation Patent Title dated February 28, 2023
- ANNEX "A-2" – Letter Request dated May 18, 2023
- ANNEX "A-3" – Email Reply of PENRO dated July 3, 2023 – Imbitasyon sa Opisina ng CENRO-PENRO attachment sa email
- ANNEX "B" – Certified Copy – Maling Plano – under Romia Labrador in Barangay Macarascas
- ANNEX "B-1"- Certified Copy – Plano ng Dela Torre Property for Comparison
- ANNEX "B-2" – DAR Clearance ng Dela Torre Property katabi ng LOT 68
- ANNEX "B-3" – Topic sa Discussion sa Dialog Meeting
- ANNEX "B-4"- Attendance sa CENRO-PENRO dated August 8, 2023 Meeting
- ANNEX "C" – Plane ticket to Puerto Princesa
- ANNEX "C-1" – Plane ticket to Manila
- ANNEX "D"- Resibo ng AV payment of MD and Member ID
- ANNEX "E" – LIST OF SENDER - LETTERS

Maysipi:

**ATTY. EMELYNE V. TALABIS, CESO IV**
Director
DENR-LMB

**PMGEN ROMEO M. CARAMAT JR.**
Director
CIDG

**SUBSCRIBED AND SWORN** to before me this _____ day of 04 SEP 2023. The affiant exhibited to me his _____ ID No. _________ issued on _________ at __________________.

Doc No. 75
Page No. 16
Book No. 8
Series of 2023

ATTY ELENA OCAMPO
Notary Public for Marikina City
Appt. No NPO2 (2022 2023)
Until December 31, 2023
79 Liamzon St. Midtown Subd.
Brgy. San Roque Marikina City
Roll of Atty. No. 68066
PTR No. 9410121 Jan. 12, 2023
IBP No. 007405 05-2617
Quezon City Chapter

MARIKINA CITY

ANNEX "A"

June 27, 2022

Office of the President
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
OP Copy
070422-MRO-795
7/4

**TO: HIS EXCELLENCY PRESIDENT RODRIGO R. DUTERTE**
Presidential Complaint Center
Malacañang Palace

**HIS EXCELLENCY PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.**
Presidential Complaint Center
Malacañang Palace

**LAYUNIN: HILING NA "PUBLIC HEARING" SA PUERTO PRINCESA CITY, PALAWAN. AT MAI-AWARD ANG PREPATENT TITLE SA MGA MIYEMBRO NG AUBREVISTA HEIGHTS ASSOCIATION INC**

OFFICE OF THE PRESIDENT
MALACAÑANG
RECEIVED
JUL 06 2022
BY:

**Mahal na Presidente Duterte at Marcos:**

Magandang araw po sa inyong maharlikang tanggapan.

Ako po ay senior citizen na, 63 years old na subalit simula pa noong 1974 ay gising na sa kasaysayan ng mundo at ng bansang mahal na aking sinilangan. Kami po ang nagsimula na maihatid ang damdamin ng mga tunay na magsasaka sa Bicol area bilang Samahan ng Kabataan Anak Bukid ng out of school youth. At ang namatay kong Ama ng 1980 ay Samahang Nayon Officer tulad ko D.A.R 1974. Simula pa ng bata ako ay hinubog ng magulang sa pagiging Volunteer Service na hindi kayang bayaran ng pera ang prinsipyo. Tunay na maraming kalaban po ang nasa katotohanan, tulad ng Panginoong Jesus ng bumaba dito sa lupa, nang ibigay ang buhay bilang pantubos para maituwid ang kasalanan ng pagsuway ng unang mag-asawa "Adan at Eva" (Genesis 3:1-24), ang orihinal na kasaysayan ng mundo? Ngunit tulad po ni Haring Ciro at Haring Dario, Higher Official ng Bansa! Noon ay ginamit ng Diyos na Buhay! Na may gawa ng langit at lupa (Genesis 1:1-31). History itself as of today, panahon na upang bantayan ang hula ng Banal na Kasulatan ng Diyos ng Langit na may-ari ng lupa (Ecleciates 3:1-3,7-14,16-17).

Subalit ayaw ko po ng exposure sa publiko, biyuda na ako, ngunit may prinsipyong mamamayan bilang Pilipino at tumutupad sa utos ng Diyos (Juan 13:34-35; Roma 13:1-10; Gawa 10:34-35). Neutral at walang pagtatangi, sumusunod sa batas ng gobyerno, wag lang ang tanging pagsamba sa tunay at buhay na Diyos (Awit 83:18; 115:1-8, 13-15) At wala akong ibang kinatatakutan kundi ang Diyos ng langit na pumatay sa pamamagitan ng baha! (Genesis 6:5-22; Awit 116:1-2).

Kaya lahat ng humihingi ng tulong sa akin bilang "Paralegal at Natural Doctor of Accupressure" ay inaalalayan kong mailapit sa ating Pamahalaan upang 'huwag maligaw ng landas at maging labag sa batas ng Diyos at ng tao? Kung may mga sumusulat sa inyo Luzon-Visayas-Mindanao na pirmado nila base sa "Facts" o valid documents na binibigay sa akin dahil mahirap sila at inosente sa buhay inaapi at inaabuso ng ilang politikong nakaupo gamit ang kapangyarihan upang nakawin at abusuhin ang Karapatan bilang Pilipino? At mga kurap at tiwaling empleyado ng gobyerno, nagpapagamit sa mga magnanakaw sa kaban ng bayan at mga illegal na negosyo nila. **ANNEX "A"**

Gising na ang mga mata ng publiko! Pagod na pagod na sa mga uring anak ng diyablo (Juan 8:42-47) Napakalaki po ng tulong ng pagiging matuwid nyo "Tatay Digong" at ang mahabang sakripisyo ng "Marcos Family" sa pagsira sa paraan ng political strategy, si Haring Gedion ay "Brusko Type", pero bakit ginamit sya ng Diyos para hiyain ang maraming kampon ng kasamaan? Dahil sa motibo ng puso at isip? Ngunit ang Diyos lang ang nakakabasa ng puso at isip ng tao, kung para sa sarili lang ang motibo? Ay hindi papahintulutan ng Diyos, dapat sa kapakanan ng mamamayan? (Kaw. 21:1-4, 12, 16, 18, 21, 27-30) Sabi po Ninyo "Tatay Digong" kasama ninyong bababa ang mga tiwaling opisyal, empleyado ng iba't ibang departamento, tulad ng DENR Palawan at ibang panig ng Pilipinas! Empressed na empressed po kami sa tunay na pag-asang ito going to paradise regain!! **ANNEX "B"**

Do what is right and what is legal? Ginawa nyo sa Boracay ang matuwid! Gawin nyo rin po sa Puerto Princesa ang inyong pagkakaloob ng Residential Patent sa 54 hectars ng humigit kumulang 1000 mamamayan simula Barangay hanggang OFW na umalis dahil sa mga pagpatay! Pangangamkam sa tunay na mga nakaposisyon na Palaweno, pananakot gamit gawa-gawang mga kaso, ang matagal ng Bonet Gang? Blueguard? Tutang Pulis? At ilang empleyadong nasa DENR, Assessor' Office, Engineering Department? Brgy Official na takot sa impluwensya ng nakakataas sa kanila? Nasisira ang Presidente dahil sa departamentong tunay na nagbebenta sa mga dayuhan gamit ang mga "Dame" na pangalan? History of person? Death Certificate? Married Certificate, Birth Certificate at Voter's ID, Brgy Census, imposibleng hindi maconfirm ang Possissory Rights. **ANNEX "C"**

At nais ko po maging totoo ang pangarap nila na walang eskwater sa sariling bayan? Para mapatunayan po nating parehas ang batas? Mahirap, mayaman, o may pinagaralan o wala? Hiling po ay namin ay **"PUBLIC HEARING"** sa Puerto Princesa City Palawan. Invite all concerns, DENR, LGU, Assessor's Office, Engineering – City Engineer, Barangay Officials, All Barangay Buenavista and Macarascas People, PNP, Militar, DILG, DOJ. Peaceful Dialog Meeting in this Public Hearing. **ANNEX "D"**

Lalabas po dyan ang maraming hinaing ng mamamayan dahil sa patong-patong na "Survey Authority"? Titulo? Dame?." Sino ang gumawa ng Approved Plan? Di po ba ang Land Management ng DENR, CENRO-PENRO, at MIMAROPA? Na samantalang ang kumuha ay si Natividad Abrea ng Brgy. Buenavista, pero ng i-plot na ay nakapangalan na kay Romia Labrador et al, ex- Brgy Captain ng Brgy Macarascas. Ex-Brgy Captain pwedeng magclaim ng 1000 hectares?.. Anong ginagawa ng City Engineer? Assessor's Office? Di ba may mga Inspektor sila? Bakit nalipat ang lupang sakop ng Brgy Buenavista sa Brgy Macarascas? Alin po ang mas matimbang sa batas, Political boundary ba o Natural boundary na Sia River? Ayon ito sa hinaing ng Aubrevista Heights Association Inc. **ANNEX "E"**

Malinis at malayang katotohanan ang matutuklasan nyo po sa mamamayan mismo manggaling ang sumbong at hinaing? Sigaw na Katarungan! Para sa mamamayan, inaabuso ang karapatan at mapayapang pamumuhay sa lupang pinagyaman sa sariling pagsisikap at nagkakaisang pagtutulungan. Umaalinsabay sa layunin ng Pamahalaan, na huwag dumagdag pa sa problemang kinakaharap ng ating bansa. Sana po sa pasimula ninyo at sa katuparan ng ating bagong taga-Pamahala ay matapos na ito? Maligaya! At makitang iniaaward ngayon ang indibidwal Prepatent Title sa mga group leader ng Aubrevista Heights Association Inc. at ang farm na livelihood project to be assisted by DOST, DAR, DA, at DTI, sa pag-alalay ng masipag at modelo na si Mam Emma Quillope of DTI-PPC, na syang umaalalay sa pangkabuhayan Project ngayon, simula sa Taytay, Palawan hanggang sa Buenavista at iba pang lugar sa Palawan. **ANNEX "F"**

Inaasahan ko po ang inyong positibong tugon sa aming hinaing. Maraming maraming salamat po sa inyong tapat na serbisyo sa sambayanang Pilipino.

Lubos na gumagalang,

**AMELIA DEL BARRIO**
CP No. 09331022694
Email address: aubrevista@gmail.com

KASAMANG DOKUMENTO:

- ANNEX "A" -
- ANNEX "B" -
- ANNEX "C" -
- ANNEX "D" -
- ANNEX "E" -
- ANNEX "F" -

JUN 3 0 2022

**SUBSCRIBED AND SWORN** to before me this _____ day of ________ 2022. The affiant exhibited to me his ____ ID No. ________ issued on _________ at PASIG CITY.

Doc No. 362
Page No . 73
Book No. 25
Series of 2022

lamon
ATTY. LETICIA M. AMON
Notary Public
Pasig Pateros & San Juan
Valid Until December 31, 2023
Roll No. 2218
PTR BCE No. 8121781/01-03-22
Lifetime IBP Member No. 04286
Official Receipt No. 574709, IBP Chapter
MCLE Compliance No. VII-0000050
Ground Flr. Armal Centre, U. Velasco Ave.
Malinao, Pasig City

ANNEX "A-1"

PCC TRACKING NO: 16207186917

February 28, 2023

OFFICE OF THE PRESIDENT
RECEIVED
08 MAR 2023
MALACAÑANG RECORDS OFFICE
030823008-MNO-240

**HIS EXCELLENCY PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.**
Presidential Complaint Center
Office of the President Malacañang Palace

**LAYUNIN: Hiling na katuparan ng malinis at legal na pagpapatitulo mula sa ating pamahalaan, Residential Patent Title (DENR) at Agricultural Emancipation Patent Title (DAR).**

OFFICE OF THE PRESIDENT
MALACAÑANG
RECEIVED
MAR 0 9 2023
BY: Presidential Complaint Center

**Mahal na Presidente Marcos:**

Magandang araw po sa inyong maharlikang tanggapan.

Sobrang pasasalamat ko po sa inyong pagtugon sa aking unang sulat na may petsang June 27, 2022 at natanggap noong July 6, 2022 sa inyong action center. Sa ikalawang pagkakataon po ay muli akong lumiham sa inyong tanggapan upang ipaabot po ang tugon ng LGU at CENRO. Sa aking pagpunta sa kanilang tanggapan dala po ang inyong tugon na ipinadala sa pamamagitan ng e-mail at ipinareceived ko din po sa kanila ay nagtuturuan po sila, sabi po ng LGU ng Puerto Princesa City Palawan ay sa CENRO daw po ako o sila ang may hurisdiksyon nito? Pumunta po ako ng CENRO upang kausapin ang CENRO officer na naka-assign sa lot application para ikuha ng individual application ngunit hindi din po sila nagbigay. Sila po dapat nag-i-educate nito sa bawat Barangay for information dissemination for public information ng function ng departamento ng LMB-CENRO-PENRO na syang ginawa namin sa Region IV-A Lucena City, ang Palawan ay Region IV-B. Magkatuwang na ginawa namin ito PD. 27 - RA 7279, Commonwealth Act 141 at ako po nagawarann ng award as "Bayani ng Maralita" by Dr. M. Maquezo in Kalayaan Hall, Malacanang Palace. **Annex "A-1-A-17", "B-B-3"**

Bilang tapat na mamamayang Pilipino at isang senior citizen na, ako ay naging B.O.T. Committee on Grievance and Documentation ng samahan na Aubrevista Heights Association Inc. (AVHAI), sa Sitio Sia, Purok Milenyo, Puerto Princesa City, Palawan, simula sa panunungkulan ni Brgy. Captain Juanito Capin ng Brgy. Buenavista. Ang home address ko po ay Lot-68 Sitio Sia, Purok Melineo, Brgy Buenavista, Puerto Princesa City, Palawan at ang business address ko ay Pasig-Quezon City dahil sa ang asawa ko ay Trial Lawyer dito sa Maynila.
**Annex "C"**

Tumulong kami sa samahang ito dahilan sa napakaraming member noon ng Aubrevista Heights ang nakiusap na tumulong kami sa kaso ng lupang napoposisyunan ng mag-asawang Felix Abrea at Natividad Abrea na ang anak nitong si Quirino Abrea ang syang pangulo ng (AVHA Inc.) ang katunayan ay 3 Tax Dec (Felix-Quirino-Oliva L. Abrea). Ngunit sa panghaharass ng ilang mga nagdaang politiko sa Puerto Princesa, ay sapilitan itong inaagaw ng Brgy Captain Romea Labrador Et. Al ang 1000 hectares na lupa ng Buenavista at inilipat sa Brgy Macarascas? Sa pakikipagsabwatan ng ilang empleyado ng C.E.N.R.O- P.E.N.R.O at MIMAROPA Land Management Bureau. **Annex "D-1-3"**

Kaya po sa masidhing paghingi ng tulong ng karamihan ng miyembro ng asosasyon sa amin na lubos na nakiusap sa asawa ko na isang Trial Lawyer, kasama ang ilan pang abogado sa law office nila, dahil po sa wala daw diumano nagawa ang abogado nyang 4 kung anu ang dapat gawin dahil napaapprove na itong maillipat sa karatig Barangay Macarascas sa isang Brgy Captain lamang? Ang 1000 hectares? Dahil po dito tinanggap namin at nagfile ang abogado ko ng "Petition for Cancellation" dito sa Legal Department ng MIMAROPA Region IV-B at sa Ombudsman copy furnish ang dating Sec. Cimatu ng DENR main office. Nagkaroon po ito ng unang decision noong July 2020 first 54-Hectares at nag Motion for Reconsideration and Position Paper ang aming abogado appearance by Atty. Edepigo Litong. **Annex "E"Case No. M-02-20-1 set, Annex "F set"**

Si Pres. Quirino D. Abrea, bilang Presidente ng samahan o asosasyon at mga kasama nya ay sa aming tahanan sila nanunuluyan simula 2013 hanggang 2022 upang patuloy na i-assist sila sa mga kinauukulan? Ang katunayan po ay ang mga kopya ng sulat naming mga main officer at member na si Mrs. Rowena Pe na nakaranas din po ng "Harassment" ng Blueguard. Kaya sa inyong makapangyarihang kamay ngayon, Mahal naming Presidente ay labis kaming umaasa na matatapos na po ang aming paghihintay, sa minimithing kapirasong lupa na 600 sq.m. for Lot Application as Residential Patent Title at ang naging unang application na may tig-2 hectares na Agri-Farm ito po sa MIMAROPA. Na naniniwala po kami na sa tulong ninyo ay hindi na makakapagkaila? Sa malaking pagkakamali? Na malipat sa katabing Brgy. Macarascas ang 1000 hectares ng Brgy Buenavista, Puerto Princesa City, Palawan.Kung ganito po ang DENR-LMB na mapalipat lang sa Brgy Captain Romia Labrador vs. humigit kumulang 1200 na members ng Aubrevista Heights Association Inc. Nakakapangamba po! Na ang mga isyu ng pagkawala o paglipat ng lupang Pilipinas sa karatig na bansa ay maganap din?? Sino po ang dapat managot nito? Sa batas ng Diyos at batas ng ating bansang Pilipinas (Genesis 1:1 - Roma 13:1-7)

Ang mga miyembro ng Aubrevista at Abrea del Villaluz Family Homes and Tourism Farm Inc na humigit kumulang 1,200 family lot applicant's, ay binubuo ng mga OFW, mga manggagawa sa Kamaynilaan na nais nang manirahan sa probinsya at magtanim, at iba't ibang lugar na kamag-anak na dating nakatira sa Palawan ngunit dahil sa ilang mga dayuhan sa Palawan na inabuso ang karapatan at kakapusan sa kaalaman ay minarapat na magtrabaho sa Maynila at malayong lugar? Ngunit bunga ng pandemic at pagkawala ng trabaho, at kabiguan sa pakikipagsapalaran ay praktikal nang bumalik sa dating sinilangang lugar ng Palawan. Nakikiisa po kami sa layunin ng ating Pamahalaan na Magtanim! Magtanim! Magtanim! Magtulungan sa pagbangon ng ating bansang Pilipinas!. **Annex "G"**

Kasama po dito ang record namin simula po 2010 batch 1 (partial), may mga tax dec po pero halaman ang inilagay ng assessor office, Brgy Certification from Brgy Captain Aungon, Brgy Captain Argueles, Brgy Captain Juanito Capin. Dahil lagi po kami nag-uupdate ng inyong report sa publiko sa youtube, nabuhayan po kami ng pag-asa! Mahal na Pangulong Bongbong Marcos, na sa

inyong pamamahala-matituluhan na ito ng 2 Departamento? Residential Patent Title (DENR-LMB) at as Emancipation Patent Title (DAR) ang buong 1000 hectares of Lot 68 Sitio Sia Purok Milenyo, Brgy Buenavista, Puerto Princesa City, Palawan represented by: B.O.T. Committee on Documentation and Grievance Committee Amelia D. Villaluz. Kasama din po dito ang Conceptual Plan na pangarap naming Abrea Del Villaluz Family Homes and Tourism Farm Inc. – Aubrevista Heights Homeowners Association Inc. as beneficiaries. **Handa po kaming magbayad ng 10 years back tax sa ating gobyerno bilang legal na proseso as lot applicant claimant ng public land** for the public as a Filipino Citizen 18 years old and above under Commonwealth Act 141 and Republic Act 7279. **Annex "H", Annex "I"**

Kasama din po dito ang malinis na titulo ng Dela Torre family from Maruyogon to Buenavista as Gate-3 ng Conceptual Plan namin, na maaaring pagkakapitan ng titulo ng Aubrevista and Abrea Del Villaluz Family Homes and Tourism Farm Incd. At hinihiling din po namin na madevelop ito as Tourism Style of Family Home Community as model type of Low-Middle-High level na magsama-sama sa iisang lugar phase by phase, desenting pamumuhay, maganda at malinis na kapaligiran. **Annex "J"**

Bilang B.O.T. Committee on Grievance and Documentation ng Aubrevista Heights Association Inc., ako po ay handang humarap sa inyong tanggapan upang makipagusap ng harapan tungkol sa usaping ito, dahil humiling kami ng "Public Hearing" sa Puerto Princesa kasama ang mga nasasangkot sa usapin ngunit wala po silang positibong tugon, kaya po ngayon kung inyong mamarapatin ay handa po akong makipagusap sa inyong maharlikang tanggapan para sa kapakanan ng halos 1200 miyembro ng Aubrevista (to follow po ang dokumento ng batch 2) at maibigay nyo na po ang nararapat na titulo sa lehetimong mga miyembro.

Sa huling bahagi ng aking buhay ay maligaya akong makita na tila si "Haring Dario o si Haring Cirong Dakila" ang administrasyong ito! Dahil malapit nang magwakas ang masamang sistema ng mga bagay na ito! (Daniel 2:44 / Apocalipsis 16:14-16, 21:3-4 / Awit 37:9-11, 29)

Nagpapasalamat po kami ng lubos sa inyong agaran at positibong tugon.

Lubos na gumagalang,

**AMELIA D. VILLALUZ**
B.O.T. Committee on Documentation and Grievance
Viber No. 09331022694
Email Address: aubrevista@gmail.com

KASAMANG DOKUMENTO:

- ANNEX "A-A1-A-17" - Reply mula sa tanggapan ng PCC, DENR, CENRO, LGU
- ANNEX "B - B3"- Katunayan na pumunta ako sa Puerto Princesa at nagpareceive ng PCC reply sa CENRO at LGU
- ANNEX "C" – Voter's Registration
- ANNEX "D"- Tax Declaration (Felix-Quirino-Oliva L. Abrea)
- ANNEX "E" - Case No. M-02-20-1 Motion for Reconsideration with Barangay Certifications of Aubrevista members 2014 to 2016
- ANNEXES "F"- Position paper
- ANNEX "G" - Pictures ng Members at Site
- ANNEX "H" – Barangay Certifications of Aubrevista Members since 2020 to 2022
- ANNEX "I" - Conceptual Plan at iba pang dokumento
- ANNEX "J" - Dela Torre's Title at iba pang dokumento

MAY-SIPI:

**HON. MARIA ANTONIA YULO-LOYZAGA**
DENR Secretary

**HON. CONRADO M. ESTRELLA III**
DAR Secretary

**HON. MANUEL BONOAN**
DPWH Secretary

**HON. ALFREDO E. PASCUAL**
DTI Secretary

**HON. BENJAMIN C. ABALOS JR.**
DILG Secretary

**HON. JESUS CRISPIN C. REMULLA**
DOJ Secretary

**HON. RODOLFO AZURIN JR.**
PNP Chief

**HON. CHRISTOPHER LAWRENCE T. GO**
Senator

**HON. RAFAEL T. TULFO**
Senator

**HON. RODANTE D. MARCOLETA**
Congressman

**HON. JUANITO D. CAPIN**
Barangay Captain- Brgy. Buenavista, Puerto Princesa City

**HON. JANE C. VILLARIN**
Barangay Captain - Brgy. Macarascas, Puerto Princesa City

**HON. CAMILO C. DELA CRUZ**
Barangay Captain - Brgy. Maruyogon, Puerto Princesa City

**HON. MARIA ESPERANZA CHRISTINA GARCIA FRASCO**
DOT Secretary

MAR 06 2023

**SUBSCRIBED AND SWORN** to before me this _____ day of ________ 2023. The affiant exhibited to me her ____ ID No. ________ issued on _________ at ANTIPOLO CITY.

Doc No. 4
Page No. 1
Book No. XXXIX
Series of 2023

VIRGEN S. FRANCISCO
NOTARY PUBLIC
UNTIL DEC. 31, 2023
APPOINTMENT NO: 20-23/ROLL OF ATTORNEY NO: [illegible]
IBP OR NO. 260677 / 1-5-23
PTR NO: 86X75409/1-3-23
MCLE COMPLIANCE VII 0016020/04-21-22
NO. 83 CIRCUMFERENTIAL RD. SAN JOSE, ANTIPOLO CITY

ANNEX "A-2"

May 18, 2023

**HIS EXCELLENCY PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.**
Presidential Action Center
Office of the President Malacañang Palace

Office of the President
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
OP Copy
052223-MRO-59447

OFFICE OF THE PRESIDENT
MALACAÑANG
RECEIVED
MAY 2 3 2023
BY
Presidential Complaint Center

**Mahal na Presidente Marcos:**

Magandang araw po muli sa inyo at sa inyong maharlikang tanggapan.

Una sa lahat, maraming maraming salamat po sa inyong agarang "Aksyon" sa aming hinaing. Natanggap ko po lahat sa email ko ang inyong aksyon. Natanggap ko po ang kopya ng sulat ni DOJ Undersecretary Chief of Staff Brigido J. Dulay papunta kay DENR Secretary Loyzaga para i-endorse ang aking sulat at hinaing at kahilingan na malinis na titulo. At natanggap ko din po sa aking email ang MEMORANDUM na may petsang April 26, 2023 galing sa Undersecretary Field Operations – Luzon, Visayas and Environment, Re Assistance for Land Titling Application for Lot No. 68 located in Sitio Sia, Purok Milenyo, Brgy. Buenavista, Puerto Princesa City, Palawan request by Amelia D. Villaluz.
**"Annex "A", Annex "B".**

Bilang mamamayan lubos po kaming nagagalak sa katarungan para sa mga Palaweño at kahalintulad din nitong mga problemang loteng tirahan, pabahay para sa ating mga Pilipino! Na hindi dapat maging "eskwater" sa sariling bansang Pilipinas! Lubos po ang pag-asa namin na mai-aaward na ang indibidwal na titulo sa lahat ng miyembro ng Aubrevista Homeowner's Association Inc. at Abrea del Villaluz Family Homes and Tourism Farm Inc. para makapagtanim ng iba't ibang uri ng rootcrops, corn, palay, fruit bearings at mga pangkabuhayang proyekto sa loob ng 1000 hectares as a Model Community in the World as tourist one of the most beautiful spot is our country!

Mahal ko po ang bansang ating sinilangan at ang magagandang 'natural at kahanga-hangang kalikasan' ng ating bansa. Alagaan po natin at i-develop ng tama. Kayo po Mahal na Presidente namin ang tutupad nito sa mamamayan (gamitin nawa kayo ng Diyos tulad Haring Cirong Dakila) at ganon din sa panahon ng Nineve sa panahon ni Jonas (Jonas 1:1-2, 4-17/3:3-10) Kumilos po tayo na alagaan ang lupa, at ang kapakanan ng mamamayan para sa kanilang pamilya. Tulungan po nating ayusin ang mga sinira ng mga ganid sa lupa at dagat? Gaya po sa panahon ni "Noe" iligtas nyo ang kalikasan at mamamayan na may Karapatan sa lupang nilikha ng Diyos (Genesis 6:5-22) Ganon din po ang gagawin ng Diyos sa malapit na hinaharap! (Mat. 24: 36-29 / Awit 37: !!, 29).

Kaya humanap din po ako ng matinong surveyor **"Engr. Greshane C. Katigbak"** at isang Developer na may magandang record **"Performance Builders & Developers Corporation".** Kaya inaasahan ko po kayong maging kasangkapan sila sa katuparan ng pangarap namin sa Brgy. Buenavista, Puerto Princesa City,

Palawan. Maligaya po akong makita ang pag-aaward nyo ng malinis na titulo sa maraming mamamayan ng Brgy Buenavista kasama na po ang mga OFW na uuwi na sa ating bansa na bigo sa pakikipagsapalaran sa ibang bansa, at mga nasa siyudad ng Maynila na gusto na din manirahan ng probinsya dahil wala din sariling lote para sa permanenting tirahan at kabuhayan.

Kaayon po ng inyong magagandang programa Mahal na Presidente, tirahan, pabahay, pagtatanim para sa kabuhayan at pagkain ng mamamayang Pilipino. Ang amin po hiling at pangarap nawa'y maging katuparan ayon sa inyong gabay at patnubay na naayon sa mga batas ng ating bansang Pilipinas!

Maraming maraming salamat po muli sa inyong tugon sa liham na ito.

Lubos na gumagalang,

AMELIA D. VILLALUZ
B.O.T. Committee on Documentation and Greivance
Viber No. 09331022694
Email Address: aubrevista@gmail.com

KASAMANG DOKUMENTO:

- ANNEX "A" – Letter of DOJ Undersecretary Chief of Staff Brigido J. Dulay
- ANNEX "B" – MEMORANDUM dated April 26, 2023 From Undersecretary Field Operations – Luzon, Visayas and Environment

**SUBSCRIBED AND SWORN** to before me this 19 day of MAY 2023 2022. The affiant exhibited to me his ____ ID No. ________ issued on _________ at MARIKINA CITY.

Ellen Ocampo
ATTY ELENA OCAMPO
Notary Public for Marikina City
Appt. No NPO2 (2022 2023)
Until December 31, 2023
79 Liamzon St. Midtown Subd.
Brgy. San Roque Marikina City
Roll of Atty. No. 68066
PTR No. 9410121 Jan. 12, 2023
IBP No. 007405 05-2617
Quezon City Chapter

Doc No. 177
Page No. 27
Book No. 3
Series of 2023

ANNEX "A-3"

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
Region IV - MIMAROPA
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**

**PAKSA: KASAGUTAN SA LIHAM NI GINANG AMELIA VILLALUZ NA MAY PETSANG MAY 18, 2023 PARA KAY: HIS EXCELLENCY PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.**

July 26, 2023

Phone call @ 1:42 pm - July 27, 2023 - Reply letter sent to aubrevista@gmail.com

**GNG. AMELIA D. VILLALUZ**
Email add: aubrevista@gmail.com
0933-1022-694

Sa inyo Gng. Villaluz,

Isang makakalikasang araw! Kami ay umaasa na ang liham na ito ay dumating sa inyo ng may mabuting kalagayan.

Ito ay may kaugnayan sa inyong liham na may petsang May 18, 2023 para sa ating Lubhang Kagalanggalang na Pangulo Ferdinand R. Marcos Jr.

Ang inyong liham ay ibinaba sa aming opisina mula sa Presidential Action Center at DENR Action Center/Hotline 8888 at DENR MIMAROPA Region para sa nararapat na mga aksyon sa inyong mga hinihiling. Ang liham ay natanggap ng aming opisina noong Hulyo 21 2023.

Ayon sa nasabing liham ay natanggap ninyo lahat sa email ang mga aksyon sa inyong kahilingan. Hindi ninyo nabanggit ngunit inaasahan namin na natanggap din ninyo ang liham mula sa dating OIC-CENRO Pedro A. Velasco ng Community Environmemt and Natural Resources Officer, Puerto Princesa City na may petsang March 21, 2023.

Sa inyong liham ngayon na may petsang May 18, 2023 ay binabanggit ninyo ang inyong mithiin na "mai-award na ang individual na titulo sa lahat ng miyembro ng Aubrevista Homeowner`s Association Inc. at Abrea del Villaluz Family Homes and Tourism Farm Inc."

Kaugnay nito, kayo po at ang inyong grupo ay inaanyayayahan na makipag-ugnayan sa opisina ng DENR CENRO, Sta. Monica, Puerto Princesa City upang kayo ay mapaliwanagan at magabayan ng kaukulang proseso sa pagpapatitulo.

Kalakip ng liham na ito ang aming liham na may petsang Marso 21, 2023 para sa inyong patnubay.

Ang aming opisina ay bukas mula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapun Lunes hanggang Biyernes.

Marami pong salamat at inaasahan namin ang inyong pakikipag-ugnayan.

Lubos na gumagalang,

**ALEXANDER E. MANCIO**
Supervising Ecosystems Mgt. Specialist
OIC-CENRO

DENR MIMAROPA REGION
CENRO PUERTO PRINCESA
RELEASED
NO: 1770
DATE: 7-27-23
BY:

ANNEX "A-3"

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
Region IV - MIMAROPA
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**

**PAKSA: KASAGUTAN SA LIHAM NI GINANG AMELIA VILLALUZ NA MAY PETSANG MAY 18, 2023 PARA KAY: HIS EXCELLENCY PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.**

July 26, 2023

Phone call @ 1:42 pm - July 27, 2023 - Reply letter sent to aubrevista@gmail.com

**GNG. AMELIA D. VILLALUZ**
Email add: aubrevista@gmail.com
0933-1022-694

Sa inyo Gng. Villaluz,

Isang makakalikasang araw! Kami ay umaasa na ang liham na ito ay dumating sa inyo ng may mabuting kalagayan.

Ito ay may kaugnayan sa inyong liham na may petsang May 18, 2023 para sa ating Lubhang Kagalanggalang na Pangulo Ferdinand R. Marcos Jr.

Ang inyong liham ay ibinaba sa aming opisina mula sa Presidential Action Center at DENR Action Center/Hotline 8888 at DENR MIMAROPA Region para sa nararapat na mga aksyon sa inyong mga hinihiling. Ang liham ay natanggap ng aming opisina noong Hulyo 21 2023.

Ayon sa nasabing liham ay natanggap ninyo lahat sa email ang mga aksyon sa inyong kahilingan. Hindi ninyo nabanggit ngunit inaasahan namin na natanggap din ninyo ang liham mula sa dating OIC-CENRO Pedro A. Velasco ng Community Environmemt and Natural Resources Officer, Puerto Princesa City na may petsang March 21, 2023.

Sa inyong liham ngayon na may petsang May 18, 2023 ay binabanggit ninyo ang inyong mithiin na "mai-award na ang individual na titulo sa lahat ng miyembro ng Aubrevista Homeowner`s Association Inc. at Abrea del Villaluz Family Homes and Tourism Farm Inc."

Kaugnay nito, kayo po at ang inyong grupo ay inaanyayayahan na makipag-ugnayan sa opisina ng DENR CENRO, Sta. Monica, Puerto Princesa City upang kayo ay mapaliwanagan at magabayan ng kaukulang proseso sa pagpapatitulo.

Kalakip ng liham na ito ang aming liham na may petsang Marso 21, 2023 para sa inyong patnubay.

Ang aming opisina ay bukas mula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapun Lunes hanggang Biyernes.

Marami pong salamat at inaasahan namin ang inyong pakikipag-ugnayan.

Lubos na gumagalang,

**ALEXANDER E. MANCIO**
Supervising Ecosystems Mgt. Specialist
OIC-CENRO

DENR MIMAROPA REGION
CENRO PUERTO PRINCESA
**RELEASED**
NO: 1720
DATE: 7-27-23
BY: